

## Si Jeffrey Lang, Propesor ng Matematika at Manunulat, USA

**Paglalarawan:** Ang kwento ng isang associate professor at kalaunan may-akda ng tatlong libro'na journey to Islam.

Ni Ammar Bakkar

Nailathala noong 24 Aug 2020 - Huling binago noong 24 Apr 2006

Kategorya: [Mga Artikulo](#) > [Mga kuwento ng mga Bagong Muslim](#) > [Mga Personalidad](#)

Si Dr. Jeffrey Lang ay isang Associate Professor ng Matematika sa University of Kansas, isa sa mga pinakamalaking unibersidad sa Estados Unidos. Sinimulan niya ang kanyang paghahanap sa relihiyon noong Enero 30, 1954, nang siya ay ipinanganak sa isang pamilyang Romano Katoliko sa Bridgeport, Connecticut. Ang unang 18 na taon ng kanyang buhay ay ginugol sa mga paaralan ng Katoliko, na nag-iwan sa kanya ng maraming mga hindi nasagot na mga katanungan tungkol sa Diyos at sa relihiyong Kristiyano, sinabi ni Lang, habang isinalaysay niya ang kanyang kuwento ng Islam. "Tulad ng karamihan sa mga bata sa huling bahagi ng 60s at unang bahagi ng 70s, sinimulan kong tanungin ang lahat ng mga mahahalagang bagay na mayroon kami sa mga panahon na iyon, pampulitika, panlipunan at relihiyon," Sabi ni Lang. "Nagrebeldel ako laban sa lahat ng mga institusyon na ginawang sagrado ng lipunan, kasama na ang Simbahang Katoliko," aniya.



Nang umabot siya sa edad na 18, si Lang ay naging isang buong ateyista. "Kung mayroong isang Diyos, at Siya ay maawain at buong mapagmahal, bakit may pagdurusa sa mundong ito? Bakit hindi nalang niya tayo dalhin sa langit? Bakit linikha ang lahat ng mga taong ito upang magdusa?" Ganito ang mga tanong na sumasagi sa kanyang isip sa mga panahong iyon.

Bilang isang batang tagapagturo sa matematika sa Unibersidad ng San Francisco, natagpuan ni Lang ang kanyang relihiyon kung saan ang Diyos ay sa wakas katotohanan. Iyon ay ipinakita sa kanya ng ilang mga kaibigan na Muslim na nakilala niya sa unibersidad. "Pinag-usapan namin ang tungkol sa relihiyon. Tinanong ko sila sa aking mga katanungan, at talagang nagulat ako sa maingat nilang pag-iisip sa kanilang mga sagot," sabi ni Lang.

Nakilala ni Dr. Lang si Mahmoud Qandeel, isang maringal tingnan na mag-aaral ng Saudi na umakit ng atensyon sa buong klase noong sandaling siya ay pumasok. Kapag nagtanong si Lang tungkol sa pananaliksik sa medikal, sinasagot ni Qandeel ang tanong sa perpektong Ingles nang may malaking katiyakan sa sarili. Kilala ng lahat si Qandeel - ang alkalde, pinuno ng pulisya at mga karaniwang tao. Magkakasama ang propesor at mag-aaral na pumunta sa lahat ng mga kumikislap na lugar kung saan "walang kagalakan o kaligayahan, ngunit halakhak lamang." Ngunit sa huli, nakakagulat na binigyan siya ni Qandeel ng kopya ng Quran at ilang mga libro sa Islam. Binasa ni Lang ang Quran, natagpuan ang daan patungo sa prayer room na pinamamahalaan ng mga mag-aaral sa

unibersidad, at karaniwang sumuko nang walang labis na pakikibaka. Siya ay nasakop ng Quran. Ang unang dalawang kabanata ang nagpapaliwanag ng nasabing karanasan at ito ay kamangha-mangha.

"Ang mga pintor ay maaaring gumawa ng mga mata ng isang larawan na animo ay nakasunod sa iyo mula sa isang lugar patungo sa isa pa, ngunit sino ang may-akda na may kakayahang magsulat ng isang banal na kasulatan na inaasahan ang iyong pang-araw-araw na pagbabago?... Bawat gabi ay gagawa ako ng mga katanungan at pagtutol at matutuklasan ang sagot sa susunod na araw. Tila binabasa ng may-akda ang aking mga ideya at sinusulat sa mga naaangkop na linya sa tamang oras para sa aking susunod na pagbasa. Nakilala ko ang aking sarili sa mga pahina nito..."

Ginagawa ni Lang ang mga pang-araw-araw na limang-beses na panalangin palagi at nakakahanap ng labis na espirituwal na kasiyahan. Natagpuan niya ang panalangin sa Fajr (madaling araw) bilang isa sa pinakamagaganda at nakakapukaw na ritwal sa Islam.

Para sa tanong na kung paano niya ito nasasabing napakahusay kung ang pagbigkas ng Quran ay nasa Arabe, na kung saan ay lubos na dayuhan sa kanya, tumugon siya; "Bakit ang isang sanggol ay naaliw sa tinig ng kanyang ina?" Sinabi niya na ang pagbabasa ng Quran ay nagbigay sa kanya ng malaking kaginhawahan at lakas sa mga oras ng paghihirap. Mula roon, ang pananampalataya ay isang bagay na kasanayan para sa espirituwal na paglaki ni Lang.

Sa kabilang banda, tinuloy ni Lang ang kanyang karera sa matematika. Natanggap niya ang kanyang titulo ng master at doktor mula sa Purdue University. Sinabi ni Lang na lagi siyang nabibighani sa matematika. "Ang matematika ay lohikal. Binubuo ito ng paggamit ng mga katotohanan at numero upang makahanap ng mga kongkretong sagot," sabi ni Lang. "Iyon ang paraan ng paggana ng aking isip, at nakakabigo kapag nakikitungo ako sa mga bagay na walang konkretong sagot." Ang pagkakaroon ng kaisipan na tumatanggap ng mga ideya sa kanilang tunay na merito ay nagpapahirap sa paniniwala sa isang relihiyon dahil ang karamihan sa mga relihiyon ay nangangailangan ng pagtanggap sa pamamagitan ng pananampalataya, sinabi niya. Ang Islam ay humihiling sa pangangatuwiran ng tao, aniya.

Bilang gurong tagapayo para sa Muslim Student Association, sinabi ni Lang na itinuturing niya ang kanyang sarili bilang tagapamagitan sa pagitan ng mga mag-aaral at kanilang mga unibersidad. Pinayagan siya ng mga awtoridad sa unibersidad na magsagawa ng mga panayam sa Islam. "Ang layunin ng pagiging gurong tagapayo ay tulungan silang matugunan ang kanilang mga pangangailangan hanggang sa pagsasa-ayos sa kulturang Amerikano at sa mga pamamaraan ng unibersidad. Pinahahalagahan nila ang pagkakataong maitama ang maling akala," aniya.

Nagpakasal si Lang sa isang babaeng Saudi na Muslim na si Raika, 12 taon na ang nakakaraan. Sinulat ni Lang ang ilang mga librong Islam na pinakamabenta sa pamayanan ng Muslim sa US. Isa sa mga mahahalagang libro niya ay *Even Angels ask: A Journey to Islam in America*. Sa librong ito, ibinahagi ni Dr. Lang sa kanyang mga mambabasa ang maraming mga pananaw na naipakita sa kanya sa pamamagitan ng

kanyang pagkatuklas sa sarili at pagsulong sa relihiyon ng Islam.

Ang web address ng artikulong ito:

<http://www.islamreligion.com/tl/articles/78>

Copyright © 2006-2020 [IslamReligion.com](http://www.IslamReligion.com). Lahat ng mga karapatan ay inilaan.